Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF BALAYAN
Province of Batangas

TANGGAPAN NG PUNONG-BAYAN

KAUTUSANG EHEKUTIBO BILANG 10, (S. 2020)

KAUTUSANG NAGLILIMITA SA PAGPASOK SA BALAYAN NG MGA RESIDENTE NG IBANG BAYAN

Alinsunod sa kautusan ng Pangulo ng Pilipinas para sa maigting na pagpapatupad ng "Enhanced Community Quarantine" at batay na rin sa napag-usapan ng mga **Punong-bayan ng Balayan, Tuy, Calatagan, Calaca, at Lian**, para mabawasan ang mga taong dumarating dito sa Balayan, dito ay itinatakda ang mga sumusunod na alituntunin:

1. Ang papayagan na makapunta sa pamilihang bayan ng Balayan ay hanggang **sampung (10) supplier o whole seller lamang ng isda at gulay**. Ang pamilimili ng wholesale o pag-supply ng isda at gulay ay gagawin tuwing umaga, 7:00 am hanggang 10:00 am.

2. Papayagan na makapasok sa Balayan ang sinuman mula sa mga nasabing munisipyo kung magsasadya sa hospital, medical clinic, bangko, at ibang money remittance center;

3. Papayagan din makapasok ang mga kawani o mga empleyado ng mga establisyementong may kinalaman sa pagkain at gamot, ospital, medical clinic, botika, paghahanda at pagsisilbi ng pagkain, water refilling station, bangko, money remittance center, kuryente, gasolina, enerhiya, tubig at telekomunikasyon. Ang lahat ng mga nasabing kawani ay dapat may dalang quarantine pass mula sa kanilang **Mayor o Municipal Administrator, Municipal Health Officer** at **Vice Mayor** at sertipikasyon na katunayan na siya ay empleyado ng nasbing establisyemento.

4. Ang mga **barangay treasurer ng Tuy** ay papayagang makapasok kung magsasadya sa Landbank para sa transaksyon ng barangay at dapat na magpakita ng kaukulang dokumento para dito.

5. Ang lahat ng **Task Force Covid-19**, at mga **healthworker at frontliner** ng bawat bayan ay pinahihintulutan din makapasok upang magawa ang mga bagay na may kinalaman sa pagresponde sa mga taong kanilang nasasakupan.

6. Ang ambulansya ay hindi dapat hinaharang sa anumang checkpoint sa lahat ng national highway kung saan mayroong mga ospital.

7. Lahat ng papayagang pumasok sa Balayan na mula sa mga nasabing munisipyo ay dapat may hawak na quarantine pass mula sa kanilang **Mayor o Municipal Administrator, Municipal Health Officer** at **Vice Mayor at sinumang opisyales** na nakasaad doon ang pahintulot at takdang oras na ibinigay ng nasabing mga opisyal.

8. Lahat ng kakikitaan ng sintomas ng Covid-19 ay hindi papasukin at pababalikin sa kanilang munisipyo na may tagabilin na mag-sadya sa pinakamalapit na hospital at mag self- quarantine.

9. Inaatasan dito ang Philippine National Police at Barangay na magtalaga ng nararapat na check point sa Munting-tubig, Duhatan, at Sampaga para sa pagpapatupad nito.

Ito ay agarang magkakabisa paglagda dito.

IPINAG-UUTOS.

Isinagawa ngayon ika-24 ng Marso 2020 sa Balayan, Batangas.

EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II
Punong-Bayan